Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Agosto 17, 2018

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 250 , s. 2018

**PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER-BASED**

**Para sa:** **Mga Pinunong Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pansangay**
**Mga Tagamasid Pampurok**
**Mga Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok**
**Mga Punongguro/Ulong Guro ng mga Paaralang Pampubliko ng Sekundarya at Integrado**

1. Bilang pagtugon sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 021, s. 2018 na may pamagat na "Mga Programa ng Komisyon sa Wikang Filipino sa Taong 2018", ipinapaalam sa lahat na magkakaroon ng **Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based sa darating na Setyembre 20 – 23, 2018** na gaganapin sa ikatlong palapag ng Bagong Gusaling Akademinko (New Academic Building), College of Education, West Visayas State University, Iloilo City.

2. Layunin ng seminar na ito na matalakay ang iba't ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at mailahad ang iba't ibang paraan upang mapahusay ang pagtuturo ng mga guro sa panitikang gender-based, para maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro ng panitikan.

3. May kaukulang bayad na **Tatlong libo, Limang daang Piso (Php 3,500.00)** para sa rehistrasyon, conference kit, sertipiko at pagkain (3 pananghalian at 6 meryenda).

4. Hinihikayat ang bawat purok na magpadala ng mga guro sa **sekundarya na nagtuturo ng panitikan** at mga **gurong manunulat** ng kontekstwalisadong kagamitang pampagkatuto sa seminar na ito.

5. Ang rehistrasyon, pamasahe at iba pang gastusin ng bawat kalahok ay kukunin mula sa MOOE/lokal na pondo ng kani-kanilang mga paaralan na mapapasailalim sa tamang regulasyon at alituntuning gumagabay sa akawnting at pagsusuri.

6. Ang mga kinauukulang pinuno ng mga paaralan ay inaatasang gumawa ng kaukulang hakbang upang masunod ang **"no disruption of classes policy.**

7. Ang mga kalahok ay bibigyan ng Service Credits/Compensatory Time-off alinsunod sa DepEd Order No. 53, s. 2003.

8. Kalakip nito ay ang Memorandum Blg. 021, s. 2018 at Talaan ng mga Kalahok na kailangang maipasa bago sumapit ang **Ika-31 ng Agosto 2018** o maaaring ipadala sa pamamagitan ng email ad. na ito: **tropa.marth20@yahoo.com**.

9. Para sa karagdagang impormasyon hinggil dito, tumawag kay G. Marth S. Tropa, Tagamasid Pansangay sa Filipino sa numero 09988618485.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SALVADOR O. OCHAVO, Jr., Ed.D, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 021, s. 2018
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

ASIGNATURANG FILIPINO GURO SEMINARS

MST/cdb

Republic of the Philippines
# Department of Education

07 FEB 2018

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 021 , s. 2018

## MGA PROGRAMA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA TAONG 2018

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng mga sumusunod na **gawain sa taong 2018**:

| Programa | Layunin | Petsa at Lugar | Mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang *Gender-Based* | • Matalakay ang iba't ibang isyu hinggil sa pagtuturo ng panitikang Filipino na nakatuon sa kasarian at paglalarawan sa babae<br>• Mailahad ang iba't ibang paraan upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng mga guro sa panitikang *gender-based*<br>• Maitaas ang antas ng kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan | Pebrero 21-23, 2018<br>Mariano Marcos State Univesity<br>Laoag, Ilocos Norte<br><br>Abril 28-30, 2018<br>Benguet State University<br>La Trinidad, Benguet<br><br>Mayo 24-26, 2018<br>Naval State University<br>Naval, Biliran<br><br>**Setyembre 21-23, 2018**<br>**(tentatibong petsa)**<br>**West Visayas State University**<br>**Lungsod Iloilo** | Guro mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya |
| Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan | • Maipabatid ang iba't ibang lapit sa pagtuturo ng panitikan<br>• Mailahad ang panukalang listahan ng mga rekomendadong akdang pampanitikan | Abril 18-20, 2018<br>Bukidnon State University<br>Malaybalay, Bukidnon<br><br>Mayo 10-12, 2018<br>Central Bicol State University<br>Pili, Camarines Sur<br><br>Oktubre 28-30, 2018<br>(tentatibong petsa)<br>DepEd Pangasinan | Superbisor at guro sa Filipino mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya |

| Programa | Layunin | Petsa at Lugar | Mga Kalahok |
|---|---|---|---|
| Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, at Manwal sa Masinop na Pagsulat | • Buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng batas at kautusan<br>• Magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya | Enero-Disyembre (nakadepende sa petsa na itatakda ng ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan (LGU) | Lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno |

2. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- **Gng. Lourdes Z. Hinampas**
- **Gng. Pinky Jane S. Tenmatay**
- **Gng. Miriam P. Cabila**

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P Watson Building, 1610 JP Laurel St.
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 252-1953
Mobile: 0929-876-5856
0927-853-1047
0942-989-2458
Email: jinghinampas@gmail.com
pinkyjanes10matay@gmail.com
miriam.cabila@yahoo.com

3. Hinihiling ang malawakang pagpapapalaganap ng Memorandum na ito.

**LEONOR MAGTOLIS BRIONES**
Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 51, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LEARNING AREA, FILIPINO
SEMINARS
TEACHERS

SMMA/from A to DM Mga Programa ng KWF 2018
1107-08/January 15/18, 2018

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

## PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PANITIKANG GENDER-BASED

### TALAAN NG MGA KALAHOK

**Purok:** ____________________________

| Bilang | Pangalan | Katungkulan | Baitang | Purok | Paaralan |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

Inihanda at isinumite ni:

______________________________
Tagamasid Pampurok/
Punongguro/Ulong Gurong Namumuno ng Purok